Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG OKTUBRE 26, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT ..... PANGALAWANG PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kagalang-galang Louie C. de Leon ..... Kagawad
Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... Kagawad
Kagalang-galang Jun M. Asinas ..... Kagawad
Kagalang-galang Romulo A. Elca ..... Kagawad
Kagalang-galang Laura P. Obligacion ..... Kagawad
Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat ..... Kagawad
Kagalang-galang Angelito U. Limjuco ..... Kagawad
Kagalang-galang Oscar F. Feliciano ..... Kagawad
Kagalang-galang Isagani R. Malapaya ..... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay
Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes . Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

**KAPASIYAHAN BLG. 188-T2009**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KONTRATA UKOL SA PAGPAPAILAW NG LIBINGANG BAYAN PARA SA DARATING NA ARAW NG MGA PATAY.**

**SAPAGKA'T**, may kahilingan ang Kgg. Punong Bayan Ariel T. Magcalas sa Kagalang-galang sangguniang ito na iratipika / pagtibayin ang kontratang pinasukan ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na kanyang kinakatawan hinggil sa pagpapailaw ng Libingang Bayan sa darating na Araw ng mga Patay;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kontrata ay dumaan sa pag-aaral at pagsusuri ng Lupon sa Pagawaing Bayan at Elektripikasyon ng sangguniang ito.

**SAPAGKA'T**, matapos ang pagsusuri sa mga panuntunang nakapaloob sa naturang kontrata ayon sa rekomendasyong isinagawa ng mga kasapi ng lupon ay inirekomenda ng Tagapamuno ng nabanggit na lupon na pagtibayin na ang nasabing kontrata;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Pagawaing Bayan at Elektripikasyon), na pinangalawahan *ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat* na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang kontrata ukol sa pagpapailaw ng Libingang Bayan para sa darating na Araw ng mga Patay, ayon sa pagsunod sa panuntunang nakapaloob dito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Inhinyero, Pambayang Pinuno sa Pangkalahatang Paglilingkod at Pambayang Pinunong Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: Alan T. Pamatmat

**ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan